International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 2 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 72-92

# Factors Influencing the Listening Skills of Grade 10 Students for the Development of Audio Material

**Edna N. Quinilog**
**Tupi National High School**
*edna.quinilog@deped.gov.ph*

**Divina T. Feliciano, PhD**
**Sultan Kudarat State University**
*divinafeliciano77@gmail.com*

**Abstract**

The study examined the demographic profile of students and their reception of audio material as a teaching tool. Findings revealed that Tagalog students slightly outnumbered those who spoke Ilokano and Hiligaynon. In terms of technological devices used for listening, smartphones had the highest usage, followed by television and radio. Most students reported giving full attention when listening, often using notes or accompanying books to aid comprehension. However, challenges remained in maintaining focus, particularly among students who listened without full attention. External factors such as environmental noise and competing technologies influenced listening either positively or negatively. Additionally, internal factors like emotional state and teacher strategies significantly affected attention and comprehension.The study further determined that the audio materials were of high quality and well-received by students. They're valid in terms of objectives, content, design, and technical quality, indicating thoughtful development and effective delivery. Student reception was highest regarding the presentation and format, although content could still be improved. Technical quality emerged as a key factor in student engagement. Importantly, a meaningful correlation was identified between the students' demographic characteristics and their reception of audio materials, suggesting that student characteristics influence learning preferences and effectiveness. This underscores the importance of considering student diversity when developing instructional materials. The study recommends continuous enhancement of audio-based tools, with attention to demographic differences and factors affecting student attention. By optimizing content and addressing distractions, educators can design learning environments that are inclusive and responsive to diverse needs student needs and improve listening outcomes.

**Keywords:** Audio Material, Learning Preferences, Listening Comprehension, Student Demographics, Technological Devices

## Panimula

Sa mabilis na pagbabago ng mundo, ang kasanayan sa pakikinig ay isang pundasyon ng epektibong komunikasyon. Ito ay hindi lamang isang pasibong gawain kundi isang aktibong proseso ng pag-unawa sa wika, kultura, at pananaw ng iba. Sa edukasyon, ang kakayahang makinig nang mabuti ay mahalaga sa akademikong pagkatuto, pakikilahok sa talakayan, at pagbuo ng malalim na pagunawa sa mga aralin. Sa kabila ng kahalagahan nito, maraming mag-aaral ang nahihirapang

mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pakikinig, lalo na sa mga pormal na konteksto ng pag-aaral tulad ng sa silid-aralan.

Sa pandaigdigang konteksto, kinikilala ng mga eksperto ang pakikinig bilang isang mahalagang kasanayan na nagtataguyod ng matagumpay na komunikasyon at akademikong performans. Gayunpaman nahaharap ang bawat mag-aaral sa hamon ng epektibong pakikinig, na maaaring makaaapekto sa pang-unawa nila sa mga lektura at talakayan (Zhang & Zhang, 2020). Ayon kay Rost (2019), ang kakulangan sa kasanayang nakapagdudulot ng mababang antas ng partisipasyon sa klase at kawalan ng interes sa mga akademikong gawain. Bilang tugon, maraming paaralan at unibersidad sa buong mundo ang nagsisimulang gamitin ang mga kagamitang awdyo at iba pang teknolohiyang panturo upang mahasa ang kasanayan sa pakikinig (Vandergrift & Goh, 2018).

Sa Pilipinas, ang pakikinig ay bahagi ng pangunahing kasanayan sa Filipino at Ingles batay sa K to 12 kurikulum. Sa kabila nito, ipinakita ng ulat ng DepEd (2021) na maraming mag-aaral ang may mababang kasanayan sa pakikinig, na nagiging hadlang sa kanilang akademikong pagganap. Ayon kay Garcia (2020), bagaman may mga pagsusumikap na isulong ang epektibong pakikinig gamit ang mga pamamaraan sa pagtuturo, madalas itong hindi nabibigyan ng sapat na pansin kumpara sa iba pang kasanayan tulad ng pagbasa at pagsulat. Bukod dito, kakaunti ang lokal na materyal na nakapokus sa pagpapalakas ng pakikinig gamit ang makabagong teknolohiya, na nagiging isang pangunahing limitasyon sa epektibong pagkatuto.

Sa lokal na antas, partikular sa mga pampublikong paaralan, ang kakulangan ng angkop na awdyo materyal ay nagiging hadlang sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pakikinig. Ayon kay Cruz (2022), maraming guro ang nahihirapang magpatupad ng mabisang pamamaraan sa pagtuturo ng pakikinig dahil sa limitadong mapagkukunan ng lokal na awdyo materyal na tumutugma sa pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral. Dagdag pa rito, sinabi ni Lopez (2021) na karamiha sa mag-aaral ang walang interes sa tradisyonal na paraan ng pagtuturo ng pakikinig lalo na kung walang ginagamit na awdyo na materyal na makatawag-pansin sa kanila. Samakatuwid, kinakailangang magkaroon ng mas maraming makabuluhang inisyatiba upang mapaunlad ang kakayahan sa pakikinig ng bawat mag-aaral sa pamamagitan ng kontekstuwalisadong awdyo materyal.

Datapuwa may mga umiiral na pag-aaral hinggil sa pakikinig, may ilang mahahalagang puwang na dapat tugunan upang higit na mapabuti ang kasanayang ito. Una, kulang ang malalim na pagsusuri sa mga hamon na naranasan ng kabataang ma-aaral sa paggamit ng awdyo na materyal at ang dulot nito sa akademikong performans. Ikalawa, limitado ang pananaliksik sa kalidad at disenyo ng mga awdyo materyal na angkop sa iba't ibang antas ng kahirapan sa pakikinig. Ikatlo, Limitado pa lamang ang bilang na nagsusuri sa integrasyon ng teknolohiya sa pagpapahusay ng kasanayan sa pakikinig at ang epekto nito sa motibasyon ng kabataang mag-aaral. Ikaapat, may pangangailangan para sa pagsasakonteksto ng mga awdyo materyal upang mas tumugma sa interes at kultura ng mga mag-aaral sa lokal na antas. Ikalima, kulang ang mga pag-aaral na nagtatasa sa epekto ng makabagong awdyo materyal sa kasanayan sa pakikinig sa klase at kung paano ito maaaring magamit sa bawat estratehiya ng pagtuturo (Goh, 2018; Hamouda, 2020; Andrade, 2021; Tannacito & Grosser, 2022; Santos, 2023; Ramirez, 2020; Gonzales, 2022; Torres, 2023).

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 72-92

Sa harap ng mga hamong ito, mahalagang magsagawa ng pag-aaral na nakatuon sa pagbuo ng awdyo na materyal na angkop sa konteksto. Ang paglinang ng epektibong kagamitang pampagtuturo ay hindi lamang makatutulong sa pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa pakikinig kundi magpapataas din ng kanilang interes at partisipasyon sa pagkatuto. Gamit ang pag-aaral na ito, inaaasahang mabibigyang-linaw kung paano maaaring maisama ang mga makabagong estratehiya sa pagtuturo ng pakikinig gamit ang awdyo materyal upang makalikha ng mas makahulugang karanasan sa pag-aaral para sa kabataang mag-aaral.

**Layunin ng Pag-aaral**

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay upang makabuo ng awdyo na materyal na makatutulong sa pagpahuhusay ng kasanayan sa pakikinig ng kabataang mag-aaral sa ikasampung baitang ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Tupi. Layunin din ng pag-aaral na masuri ang demograpikong propayl ng kabataang mag-aaral, kabilang ang kanilang etnisidad, kagamitan sa tahanan sa pakikinig, at gawi sa pakikinig. Tinukoy rin ang mga salik na nakaiimpluwensiya sa mga gawaing pakikinig. Inasahang masuri ang lebel ng kalidad ng nabuong awdyo na materyal batay sa layunin, nilalaman, kalidad, at teknikal na aspeto. Kasama rin sa layunin ng pag-aaral ang pagsusuri ng antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa materyal batay sa layunin, nilalaman, pormat, at presentasyon nito. Higit pa rito, layunin ng pag-aaral na tuklasin kung may makabuluhang ugnayan ang antas ng pagtanggap ng kabataang mag-aaral sa demograpikong propayl nila.

**Teoretikal na Balangkas**

Ibinatay ang pag-aaral sa Experiential Learning Theory; Cognitive Load Theory ni Sweller(2020), at ang Multimedia Learning Theory ni Mayer (2020).

Ang Experiential Learning Theory ay nagbibigay ng diin sa kahalagahan ng aktibong pakikinig bilang bahagi ng pagkatuto habang ang mga tagapakinig ay maaaring magproseso ng tunog at impormasyon, magmuni-muni, at ilapat ang kanilang natutuhan sa praktikal na mga sitwasyon (Beard, 2021).

Ayon naman sa Cognitive Load Theory, mahalaga ang tamang pamamahala ng impormasyon sa mga awdyo materyal upang hindi mabigatan ang tagapakinig at mapadali ang pagproseso ng kaalaman (Sweller, 2020). Dahil dito, ang mahusay na disenyo ng awdyo na materyal, tulad ng malinaw na pagsasalita, tamang bilis ng pagbigkas, at organisadong daloy ng impormasyon ay makatutulong sa mas epektibong pakikinig at pag-unawa para kahit paano ay maiproseso ang dami ng impormasyong napakinggan.

Samantala, ang Multimedia Learning Theory naman ay nagpapakita na ang paggamit ng mga awdyo materyal na pinagsasama ang tunog at sinasalitang teksto ay maaaring makatutulong sa mas epektibong pagkatuto (Mayer, 2020). Sa kontekstong ito, ang pagbuo ng dekalidad na awdyo materyal ay maaaring maging mahalagang estratehiya upang paunlarin ang kakayahan sa pakikinig ng kabataang mag-aaral sa mga araling nangangailangan ng aktibong pagpoproseso ng impormasyon.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 72-92

**Metodolohiya ng Pag-aaral**

Ang disenyo ng pag-aaral ay kwalitatibo partikular ang Participatory Rapid Appraisal (PRA) na ginamit upang mangalap ng impormasyon mula sa komunidad, partikular sa rural na lugar, sa pamamagitan ng aktibong paglahok ng komunidad sa proseso ng pagkolekta ng mga datos. Sinabi ni Khan et al. (2020), ang PRA ay isang oportunidad sa mga lokal na komunidad na magbahagi ng kanilang kaalaman at karanasan upang makabuo ng mga solusyon na angkop sa kanilang konteksto. Inalam sa pag-aaral ang demograpikong propayl ng bawat magaaral sa gawaing pakikinig sa mga mag-aaral na naninirahan sa medyo may kalayuan mula sa sentro ng Tupi. Bukod dito, bumuo ang mananaliksik ng istandardisadong awdyo na materyal na maaaring magamit sa pagpahuhusay ng kahusayan ng kabataang mag-aaral gayunman sa pag-alam ng kalidad ng materyal gamit ang standard na validation tool.

Purposive sampling teknik ang ginamit sa pag-aaral dahil ito ay isang uri ng non-probability sampling na nakatuon sa mga partikular na tao o grupo na may kaugnayan sa layunin ng pag-aaral. Ayon kay Etikan et al. (2016), nagpapahintulot ang purposive sampling sa mananaliksik na pumili ng mga respondente batay sa kanilang mga katangian o karanasan na tumugon sa mga tiyak na layunin ng pananaliksik. Nasiguro ng mananaliksik sa ganitong kaparaanan na ang mga kalahok ay may karanasan sa mga gawaing pakikinig sa klase at nakapag-ambag ng mga datos na ginamit sa pag-aaral.

Inihanda ng mananaliksik ang kopya ng talatanungan na sinagutan ng mga respondente ng pag-aaral tungkol sa demograpikong propayl na isinalang naman sa Content Validity Index (CVI) bago ipinasagot sa kabataang mag-aaral. Ang gabay na katanungan para sa FGD ay inihanda rin ng mananaliksik at idinaan sa Content Validity Index (CVI). Ginamit naman ng mananaliksik ang kasunod na pamantayan sa resulta ng demograpikong propayl batay sa dalas na may likert scale rating (Vagias, 2006). Ginamit din ng mananaliksik ang validation tool na halaw at minomodipika mula kina Catalan at Marcelo (2022) upang malaman ang kalidad ng mabubuong awdyo na materyal na maaaring magamit sa pagpapahusay ng kahusayan sa pakikinig ng mga mag-aaral.

Ito ang mga paraan ng pananalik na ito. Una, humingi ng permiso sa Dekana ng Paaralang Gradwado ng Sultan Kudarat State University na ang mananaliksik ay magsasagawa ng pangangalap ng datos. Matapos mabigyan ng permiso, humingi naman ng pahintulot sa tanggapan ng School's Division Superintedent ng South Cotabato upang magsasagawa ng pag-aaral. Pagkatapos, humingi naman ng permiso sa punong-guro ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Tupi na magsasagawa ng pag-aaral ang mananaliksik sa mga mag-aaral mula sa baitang sampu sa asignaturang Filipino. Pagkatapos, nagsimulang mangalap ang mananaliksik ng mga datos sa pamamagitan ng pagpapasagot sa inihandang balidong survey questionnaire tungkol sa demograpikong propayl ng mga respondente at magsagawa ng intebyu para pag-alam ng mga salik na nakaiimpluwensiya sa kahusayan sa pakikinig ng kabataang mag-aaral. Pagkatapos, ang mananaliksik ay bumuo ng istandardisadong awdyo na materyal at ipinabalideyt sa mga master na guro mula sa dibisyon ng South Cotabato upang malaman ang antas ng baliditi at akseptibilidad nito.

Ang mga sumusunod ay ang istatistikal tritment na isinagawa ng mananaliksik sa tulong ng statistician upang masagot ang bawat suliranin ng pag-aaral. Upang matugunan ang unang suliranin,

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 72-92

ang mananaliksik ay gumamit ng descriptive- quantitative sa pamamagitan ng likert scale upang mailarawan ang distribusyon ng mga datos sa magkahiwalay na kategorya o klase. Ayon kina Babbie at Wagner (2020), mahalaga ang ganitong pamamaraan upang maipakita ang bilang o dalas ng mga sagot ng mga respondente at upang mas madali itong maunawaan at maanalisa. Para sa ikalawang suliranin, ang mananaliksik ay gumamit ng tematikong pagsusuri para matukoy ang mga lumitaw na tema sa mga salik na nakaimpluwensiya sa kahusayan na isinagawa sa pamamagitan ng Focus Group Discussion. Gayundin, descriptive- quanti naman ang ginamit sa pag-alam ng kalidad at pagtanggap ng nabuong awdyo na materyal gamit naman ang balidong validation tool para sa suliranin bilang pangatlo at pang-apat. Samantala, Two Tailed T-test naman ang ginamit para sa ikalimang suliranin upang malaman kung may makabuluhang ugnayan ba sa demograpikong propayl at sa resulta ng antas ng pagtanggap ng materyal mula sa mga mag-aaral. Sa pagsasagawa ng pagsusuri ng datos sa pag-aaral, inilahad ng mananaliksik ang thematic analysis o pagsusuri ng mga tema. Ayon kay Moustakas (1994), ang tematikong pagsusuri ay nakatuon sa pagtukoy, pagsusuri, at pagpapahayag ng mga pattern at tema na makikita sa nilalaman ng mga datos.

## Resulta at Diskusyon

### Demograpikong Propayl ng bawat Mag-aaral ayon sa Etnisidad

Makikita sa ibaba ang Talahanayan 1 na nagpapakita ng demograpikong propayl ng kabataang mag-aaral batay sa etnisidad.

**Talahanayan 1. Propayl Batay sa Etnisidad**

| Etnisidad | Mean | SD | Deskriptibong Antas |
|---|---|---|---|
| Tagalog | 3.00 | 2.39 | Bahagyang mataas |
| Ilokano | 0.25 | 1.09 | Hindi mataas |
| Hiligaynon | 2.00 | 2.45 | Hindi mataas |
| **Kabuoan** | **1.75** | **1.98** | **Hindi mataas** |

Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang *mean, standard deviation* (SD), at deskriptibong antas ng bawat pangkat etniko batay sa kanilang tugon. Ang mga Tagalog ay may *mean* na 3.00 at SD na 2.39, na nangangahulugang bahagyang mataas ang kanilang bilang. Samantala, ang mga Ilokano ay may *mean* na 0.25 at SD na 1.09, habang ang mga Hiligaynon ay may *mean* na 2.00 at SD na 2.45 na parehong hindi mataas ang bilang.

Ipinapakita ng datos na ang mga Tagalog ay may mataas na bilang kumpara sa ibang pangkat etniko para sa kabuoan. Ayon kay Santos (2021), ang pagkakaiba-iba sa etnikong pinagmulan ay maaaring magdulot ng pagkakaiba sa mga pananaw at karanasan sa isang pag-aaral. Sa kanilang pananaliksik, ipinakita nilang may epekto ang pagkakaiba sa kultura at wika sa paraan ng pagtugon ng bawat kalahok sa akademikong pagsusuri. Samantala, ayon kay Dela Cruz (2022), ang pagkakaiba-iba sa etnikong pinagmulan ay maaari ding makaaapekto sa diskarte ng kabataang mag-aaral sa pagkatuto, partikular sa pag-unawa at interpretasyon ng akademikong teksto.

 ISSN: 2799 - 1091
Page No. 72-92

**Demograpikong Propayl ng mga Mag-aaral Batay sa Kagamitan sa Tahanan sa Pakikinig**

Samantala, makikita naman sa ibaba ang mga katangian ng demograpikong propayl ng kabataang mag-aaral batay sa kagamitan sa tahanan sa pakikinig.

**Talahanayan 2. Propayl Batay sa Kagamitan sa Tahanan sa Pakikinig**

| Kagamitan sa Tahanan | Mean | SD | Deskriptibong Antas |
|---|---|---|---|
| Radyo | 3.75 | 2.17 | Mataas |
| Telebisyon | 4.75 | 1.09 | Napakataas |
| *Smartphone* | 5.00 | 0.00 | Napakataas |
| *Laptop* | 2.75 | 2.49 | Bahagyang mataas |
| **Kabuoan** | **4.06** | **1.44** | **Mataas** |

Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang *mean, standard deviation* (SD), at deskriptibong antas ng paggamit ng mga kagamitan sa tahanan para sa pakikinig. Ang radyo ay may *mean* na 3.75 at SD na 2.17, na nangangahulugang mataas. Ang telebisyon ay may *mean* na 4.75 at SD na 1.09, habang ang *smartphone* ay may *mean* na 5.00 at SD na 0.00 na parehong nasa antas na napakataas. Samantala, ang *laptop* ay may *mean* na 2.75 at SD na 2.49, na tumutugma sa antas na bahagyang mataas. Sa pangkalahatan, ang kabuoang mean ay 4.06 at SD na 1.44, ay nasa mataas na antas.

Ipinapakita ng datos na ang *smartphone* at *telebisyon* ang pinaka ginagamit na kagamitan sa tahanan para sa pakikinig, habang ang laptop ay may pinakamababang antas ng paggamit. Sa pangkalahatan, mataas ang paggamit ng mga kagamitang ito sa tahanan bilang kasangkapan sa pakikinig.

Ayon kay Anderson at Jiang (2018), ang paggamit ng *smartphone* sa araw-araw na gawain, kabilang ang edukasyon at pagkuha ng impormasyon, ay tuluyang lumulubo sa mga kabataan. Ipinakita rin sa pag-aaral ni Statista (2021) na 96% ng kabataang edad 18-24 ay umaasa sa *smartphone* para sa *online learning* at *media consumption*.

**Demograpikong Propayl ng Kabataang Mag-aaral Batay sa Gawi sa Pakikinig**

Ang bahaging ito ay naglalarawan ng demograpikong propayl ng mga respondente kaugnay ng kanilang mga gawi sa pakikinig. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa kanilang edad, kasarian, at iba pang mahahalagang salik, mauunawaan kung paano naiimpluwensiyahan ng mga ito ang kanilang kakayahan at estratehiya sa pakikinig sa konteksto ng pagkatuto.

Sa kabilang banda, matutunghayan naman sa ibaba ang Talahanayan 3 ng propayl ng kabataang mag-aaral batay sa gawi sa pakikinig.

**Talahanayan 3. Propayl Batay sa Gawi sa Pakikinig**

| Gawi sa Pakikinig | Mean | SD | Deskriptibong Antas |
|---|---|---|---|

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 72-92

| | | | |
|---|---|---|---|
| Nagbibigay nang pansin at nakikinig nang buo | 5.00 | 0.00 | Napakataas |
| Gumagamit ng mga tala o kasamang aklat | 5.00 | 0.00 | Napakataas |
| Nagpapahinga at hindi nakikinig nang buo | 1.90 | 0.70 | Hindi mataas |
| Nakikinig nang wala sa pokus | 1.15 | 0.36 | Lubos na hindi mataas |
| **Kabuoan** | **3.26** | **0.27** | **Bahagyang Mataas** |

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang *mean, standard deviation* (SD), at deskriptibong antas ng mga gawi sa pakikinig. Ang kabataang mag-aaral na nagbibigay ng pansin at nakikinig nang buo pati na rin ang gumagamit ng mga tala o kasamang aklat ay parehong may *mean* na 5.00 at SD na 0.00, na nangangahulugang napakataas. Samantala, ang nagpapahinga at hindi nakikinig nang buo ay may *mean* na 1.90 at SD na 0.70, na nasa antas na hindi mataas. Ang nakikinig nang wala sa pokus ay may *mean* na 1.15 at SD na 0.36, na may antas na lubos na hindi mataas. Sa pangkalahatan, ang kabuoang *mean* ay 3.26, may SD na 0.27, at nasa bahagyang mataas na antas.

Ipinapakita ng datos na ang kabataang mag-aaral ay may positibong gawi sa pakikinig, partikular sa pagbibigay ng pansin at paggamit ng mga tala o aklat. Gayunpaman, may ilang mag-aaral na nagpapakita ng kawalan ng pokus o hindi ganap na nakikinig na may psotibong epekto sa kanilang pangkalahatang kasanayan sa pakikinig.

Ayon kay Rost (2016), ang aktibong pakikinig ay mahalagang kasanayan sa pagkatuto at paggamit ng mga tala ay napatunayang nakatutulong sa mga kabataan sa mga paksang kanilang pinag-aaralan. Samantala, ipinakita sa pag-aaral nina Vandergrift at Goh (2018) na ang kawalan ng atensiyon at distraksiyon sa pakikinig ay maaaring humantong sa mahinang pag-unawa ng impormasyon.

**Paglalahad ng Resulta sa Isinagawang FGD sa Tematikong Pagsusuri**

Ipinakikita ng pag-aaral na ito ang mga resulta kaugnay sa karanasan ng kabataang mag-aaral sa mga aktibidad na may kinalaman sa pakikinig sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Tupi. Ang mga temang lumitaw ay nakuha mula sa pagsusuri ng mga datos gamit ang proseso ng tematikong pagsusuri.

**Salik na Nakaiimpluwensiya sa bawat Mag-aaral sa Gawaing Pakikinig**

Ang pagsusuring ito ay naglalayon na tuklasin ang mga salik na nakakaapekto sa pakikinig ng mga kabataang mag-aaral. Gamit ang tematikong pagsusuri, lumitaw ang limang pangunahing tema na naglalarawan ng kanilang mga karanasan. Kabilang dito ang mga hadlang sa pakikinig, ang papel ng iba't ibang tao sa kanilang pagkatuto, at ang impluwensiya ng wika, kultura, at teknolohiya. Tinalakay din ang mga estratehiya sa pagtuturo at ang mga hakbang na ginagawa ng mga mag-aaral

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 72-92

upang malampasan ang mga hamon sa pakikinig. Ang mga temang ito ay nagbigay ng masusing pag-unawa sa mga pagsubok at oportunidad sa proseso ng pakikinig sa loob ng silid-aralan.

Matutunghayan sa Talahanayan 4 ang limang pangunahing temang kaugnay ng mga aspekto na nakaiimpluwensiya sa pakikinig ng mag-aaral, kabilang ang mga hamon, mahalagang tauhan, at estratehiyang kanilang ginagamit upang malampasan ang suliranin.

**Talahanayan 4. Salik na Nakaiimpluwensiya sa mga Mag-aaral sa Gawaing Pakikinig**

| Lumitaw na Tema (Emerging Themes) | Pinangkat na mga Tema (Clustered Theme) | Mahalagang Pahayag (Significant Statement |
|---|---|---|
| 1. Panlabas na Salik na Nakaaapekto sa Pakikinig ng Kabataang Mag-aaral | • Ingay sa Kapaligiran<br>• Paggamit ng teknolohiya<br>• Personal na Salik | “Bilang isang mag-aaral naapektuhan ang aking pakikinig sa dahilan na maingay at magulong kapaligiran.”<br><br>“Ang paggamit ng teknolohiya tulad ng cellphone habang nagkaklase.”<br><br>“Pag maraming problemang iniisip.” |
| 2. Sikolohikal at Sosyal na Salik | • Pamilya at kaibigan bilang Inspirasyon<br>• Guro bilang tagapagdaloy ng kaalaman<br>• Kaklase bilang personal na distraksiyon | “Ang aking pamilya at kaibigan ang tumutulong sa akin na magpursige sa pag-aaral.”<br><br>“Ang aking guro, dahil sa araw-araw na pagpasok ko sa eskwelahan sila ang nakakasama ko para ako ay turuan at pakinggan ang kanilang itinuturo na makakatulong sa kin upang ako ay matuto.”<br><br>“Ang mga tao na nakaapekto sa aking pakikinig ay ang aking kaklase dahil ang kanilang ingay ay nagbibigay sa akin ng dahilan upang mawala sa pakikinig.” |
| 3. Epekto ng Pamamaraan ng Guro sa Pagtuturo | • Mas Pinadali at Pinagaan ang Pakikinig<br>• Natutulungang makinig nang mabuti | “Malaking epekto sa aking buhay ang estratehiya para mapadali at magiging magaan ang aking pakikinig.”<br><br>“Nakakaapekto ito dahil tulad nga ng estratehiya na ginagamit ng guro, natutulungan akong makinig ng mabuti sa mga tinuturo sa silid-aralan at sa emosyonal, tinutulungan akong makinig at binibigyan ng payo.” |
| 4. Solusyon sa | • Tahimik at masayang | “Nalulutas ito sa pamamagitan ng |

| | | |
|---|---|---|
| Paglutas sa Suliranin sa Pakikinig | Pakikisama<br>• Pagbibigay ng Pokus sa Guro<br>• Pag-aaral nang Mabuti<br>• Suporta mula sa Pamilya at Kaibigan | tahimik na kapaligiran at masayang pakikisama."<br><br>"Malulutas ko ito sa pamamagitan ng pagtuon ng pansin sa mga salita ng guro."<br><br>"Sa pamamagitan ng paglalaan ng oras at pag-aaral nang mabuti."<br><br>"Ginagawa ang nakakaya ko upang makinig sa tulong din ng pag-unawa ng aking pamilya at kaibigan." |

**Lumitaw na Tema 1: Panlabas na Salik na Nakakaapekto ng Mag-aaral**

Ang pakikinig ay isang mahalagang kasanayan sa pagkatuto, ngunit ito ay maaaring maapektuhan ng mga salik. Batay sa pagsusuri, lumitaw ang apat na pangunahing tema na may malaking impluwensiya sa kakayahan ng bawat respondente sa pakikinig. Kabilang dito ang ingay sa kapaligiran, paggamit ng teknolohiya, personal na salik, at kaklase bilang distraksiyon. Ang mga ito ay naging hadlang hadlang sa mas epektibong pakikinig ng bawat mag-aaral sa klase.

**Ingay sa Kapaligiran**

Ito ang pangunahing mga salik na may epekto sa pakikinig ng bawat mag-aaral. Pito sa dalawampung mag-aaral ang nagsasabing ingay sa kapaligiran ang isa sa mga salik na ito. Ang mga tunog mula sa paligid, kabilang ang mga kaklaseng maingay o iba pang distraksiyon, ay nakapagpababa ng konsentrasyon sa pakikinig.

Tugon ng mag-aaral:

*"Bilang isang mag-aaral naapektuhan ang aking pakikinig sa dahilan na maingay at magulong kapaligiran."*
(Kalahok 1, Line 1-2)

Ayon kay Brownell (2012), ang ingay sa kapaligiran ay ang pangunahing hadlang sa epektibong pakikinig, sapagkat nakagagambala ito sa pagpoproseso ng impormasyon at nakababawas ng konsentrasyon ng kabataang mag-aaral. Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Smith at Johnson (2020), na nagpakikita na ang mga tunog mula sa paligid, tulad ng ingay mula sa kaklase o iba pang distraksiyon, ay maaaring humantong sa mas mababang antas ng pang-unawa at retensiyon ng aralin. Dagdag pa rito, ipinakita rin sa pananaliksik ni Garcia (2021) na ang patuloy na pagkalalantad sa

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 72-92

maingay na kapaligiran ay nagdudulot ng *stress* sa bawat mag-aaral na nagiging hadlang sa kanilang kakayahang makinig nang mabuti at makilahok sa talakayan.

**Paggamit ng Teknolohiya**

Habang malaki ang naitutulong ng teknolohiya sa edukasyon, Nakapagdudulot din ito ng distraksiyon sa pakikinig ng bawat kabataan. Anim sa dalawampung mag-aaral ang nagsasabing ang teknolohiya ay isang faktor na may impluwensiya sa pakikinig. Ang sobrang paggamit ng mga gadget ay maaaring magdulot ng pagbaba ng atensiyon sa mga aralin.

*"Ang paggamit ng teknolohiya tulad ng cellphone habang nagkaklase."*
(Kalahok 6,Line 9)

Ayon sa pag-aaral nina Chandra at Patel (2021), bagaman nakatutulong ang teknolohiya sa edukasyon, maaari din itong maging pangunahing distraksiyon na nakaaapekto sa *focus* at *active listening* ng mga respondente sa loob ng silid-aralan. Samantala, ipinakita nina Santos at Rivera (2022) na ang sobrang paggamit ng *gadget* lalo na sa hindi tamang konteksto ay nagreresulta sa pagbaba ng atensiyon sa leksiyon at kakayahang magproseso ng impormasyon nang epektibo.

**Personal na Salik**

Bukod sa panlabas na salik, may mga personal na dahilan din kung bakit nagiging mahirap ang pakikinig ng mga kabataan. Tatlo sa dalawampung mag-aaral ang nagpapatunay nito. Kabilang dito ang emosyonal na estado, stress, at iba pang iniisip na maaaring makasagabal sa kanilang konsentrasyon.

*"Pag maraming problemang iniisip."*
(Kalahok 17, line 27)

Ang salik na ito ay nakaaapekto rin sa kakayahan ng kabataang mag-aaral sa pakikinig. Upang matugunan ito, mahalagang magkaroon ng mga estratehiya upang mapabuti ang kapaligiran sa pagkatuto at mapanatili ng kabataang mag-aaral ang kanilang atensiyon sa klase. Ayon kay Brown at Miller (2021), ang tahimik at maayos na kapaligiran ay may epekto sa pakikinig at pag-unawa ng mag-aaral. Dagdag pa rito, ipinahahayag sa pag-aaral ni Johnson (2022) na ang teknolohiya, tulad ng paggamit ng noise-canceling headphones at digital learning platforms, ay maaaring makatulong sa pagbawas ng ingay at iba pang distraksyon na maaaring makaapekto sa pakikinig ng mag-aaral. Samantala, ayon kay Lee et al. (2023), ang paggamit ng interaktibong audio materials ay maaaring magpabuti sa auditory processing skills ng mag-aaral, na mahalaga sa mas epektibong pakikinig at pag-unawa. Sa ganitong paraan, ang pagpapatupad ng mga naaangkop na estratehiya at makabagong kagamitan ay maaaring makatulong sa paglinang ng mas episyenteng kasanayan sa pakikinig.

**Lumitaw na Tema 2: Sikolohikal at Sosyal na Salik**

Ang kakayahan ng mag-aaral sa pakikinig ay hindi lamang naiimpluwensiyahan ng panlabas at personal na salik, kundi kasama na rin ang mga indibidwal na nakapaligid sa kanila. Mula sa

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 72-92

pagsusuri, lumitaw ang tatlong pangunahing pangkat ng indibidwal na may mahalagang papel sa pakikinig ng mga mag-aaral: (1) pamilya at kaibigan bilang inspirasyon, (2) guro bilang tagapagdaloy ng kaalaman, at (3) kaklase bilang distraksiyon. Ang mga grupong ito ay maaaring positibong makaimpluwensiya sa pakikinig ng mag-aaral o maging hadlang sa kanilang atensiyon at konsentrasyon.

**Pamilya at Kaibigan bilang Inspirasyon**

Ang suporta mula sa pamilya at kaibigan ay isang mahalagang salik na nakapagpalalakas ng determinasyon ng isang mag-aaral na makinig nang mabuti sa klase. Labindalawa sa dalawampung mag-aaral ang nagsasabing ang kanilang pamilya at kaibigan ang kanilang inspirasiyon sa pakikinig. Ang kanilang paghihikayat at gabay ay nagiging motibasyon upang mapanatili ang interes sa pag-aaral.

*"Ang aking pamilya at kaibigan ang tumutulong sa akin na magpursige sa pag-aaral."*
(Kalahok 3, line 47-48)

Inihahayag nina Lim at Wong (2021), ang emosyonal at akademikong suporta mula sa pamilya at kaibigan ay may mahalagang papel sa pagpapanatili ng motibasyon ng kabataang mag-aaral upang aktibong makinig sa klase. Samantala, ipinakita nina Cruz at Bautista (2022) na ang paghihikayat at gabay mula sa malalapit na tao ay nagpalalakas ng kumpiyansa at determinasyon ng bawat mag-aaral na nagreresulta sa mataas na antas ng atensiyon at pakikilahok sa pag-aaral.

**Guro bilang Tagapagdaloy ng Kaalaman**

Samantala, apat naman sa dalawampung mag-aaral ang nasasabing ang guro bilang tagapagdaloy ng kaalaman sa kanilang mga gawaing pakikinig. Ang guro ay isa sa pinakamahalagang elemento sa pagkatuto ng isang mag-aaral. Dahil dito, malaki rin ang kanilang impluwensiya sa kakayahan ng mag-aaral na makinig. Ang malinaw at organisadong paraan ng pagtuturo ng guro ay may epekto sa atensiyon at pang-unawa ng bawat mag-aaral.

*"Ang aking guro, dahil sa araw-araw na pagpasok ko sa eskwelahan sila ang nakakasama ko para ako ay turuan at pakinggan ang kanilang itinuturo na makakatulong sa kin upang ako ay matuto."*
(Kalahok 20,61-63)

Sa pag-aaral nina Tan at Lee (2021), ang paraan ng pagtuturo ng guro ay may epekto sa atensyon at kakayahan ng mga mag-aaral na makinig nang mabuti. Ang malinaw, organisado, at interaktibong istratehiya ng guro ay nakatutulong sa mas epektibong pagproseso ng impormasyon. Samantala, ipinakita nina Santos at Villanueva (2022) na ang papel ng guro bilang *facilitator of learning* ay nakaaapekto sa kabataang mag-aaral sa kanilang akademikong pag-unawa pati na rin sa kanilang *listening comprehension* at kritikal na pag-iisip.

**Kaklase Bilang Distraksiyon**

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 72-92

Bagaman maaaring makatulong ang kaklase sa pagbabahagi ng kaalaman, maaari din silang maging dahilan ng pagkawala ng atensiyon sa pakikinig. Apat sa dalawampung mag-aaral ang nagsasabing isa sa mga pangunahing salik ay ang kaklase bilang distraksiyon. Ang ingay o mga hindi inaasahang interaksiyon sa klase ay maaaring makagambala sa proseso ng pakikinig.

*"Ang mga tao na nakaapekto sa aking pakikinig ay ang aking kaklase dahil ang kanilang ingay ay nagbibigay sa akin ng dahilan upang mawala sa pakikinig."*
(Kalahok 12, line 49-50)

Natuklasan din na may mahalagang papel ang mga taong nakapaligid sa kabataan sa paghubog ng kanilang kakayahan sa pakikinig. Ayon kay Smith at Garcia (2021), ang positibong suporta mula sa pamilya at guro ay nakapagpatataas ng atensiyon at pagkatuto ng bawat mag-aaral. Samantala, ipinakita sa pag-aaral ni Torres (2022) na ang distraksiyon mula sa mga kaklase ay isa sa mga pangunahing dahilan ng pagbaba ng konsentrasyon sa klase.

**Lumitaw na Tema 3: Epekto ng Pamamaraan ng Guro sa Pagtuturo**

Ang kakayahan sa pakikinig ng kabataang mag-aaral ay maaaring maapektuhan ng mga salik, kabilang ang mga kaparaanan ng guro sa kaniyang pagtuturo. Batay sa pagsusuri, lumitaw ang apat na pangunahing aspekto kung paano ito nakaaapekto ang pamamaraan ng pagtuturong guro (1) mas pinadali at pinagaan ang pakikinig, (2) Natutulungang makinig nang mabuti. Ito ay may direktang epekto sa pag-unawa ng isang mag-aaral sa kanyang mga aralin at sa kanyang kakayahang makisabay sa mga talakayan sa klase.

**Mas Pinadali at Pinagaan ang Pakikinig**

Lima sa dalawampung mag-aaral na mas pinadali at pinagaan ang pakikinig dahil sa pamamaraan ng guro. Ang epektibong estratehiya ng guro ay nagdudulot ng mas madaling daloy ng pagkatuto, kaya't nagiging mas maayos at magaan ang proseso ng pakikinig para sa mga mag-aaral.

*"Malaking epekto sa aking buhay ang estratehiya para mapadali at magiging magaan ang aking pakikinig."*
(Kalahok 1, line 98-99)

Ayon sa pag-aaral nina Kim at Robertson (2021), ang epektibong estratehiya sa pagtuturo ay nagpadadali sa proseso ng pakikinig sa pamamagitan ng wasto at sistematikong daloy ng impormasyon para sa kabataang mag-aaral. Samantala, ipinakita nina Cruz at Bautista (2022) na ang mga teknik tulad ng *scaffolding* at *interactive discussion* ay nakatutulong upang gawing magaan at epektibo ang pag-unawa ng bawat mag-aaral sa kanilang mga aralin.

**Natutulungang Makinig nang Mabuti**

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 72-92

Ang tamang pamamaraan ng pagtuturo ay naging gabay sa bawat mag-aaral na mapaunlad ang kanilang kahusayan sa pakikinig lalo na sa pag-unawa ng mahahalagang impormasyon. Dalawa sa dalawampung mag-aaral ay nagsasabing sila ay natutulungang making nang mabuti.

*"Nakakaapekto ito dahil tulad nga ng estratehiya na ginagamit ng guro, natutulungan akong makinig ng mabuti sa mga tinuturo sa silid-aralan at sa emosyonal, tinutulungan akong makinig at binibigyan ng payo."*
(Kalahok 12 , line 115-116)

Ayon sa pag-aaral nina Zhang at Li (2021), ang epektibong estratehiya sa pagtuturo ay mahalaga sa pagpabubuti ng kasanayan sa pakikinig ng bawat mag-aaral, partikular sa pagproseso at pag-unawa ng mahahalagang impormasyon. Samantala, ipinakita nina Cruz at Delgado (2022) na ang malinaw at sistematikong paraan ng pagtuturo ay nagpatataas ng atensiyon ng bawat kabataan na nagreresulta sa mabilis at epektibong pagkatuto.

**Lumitaw na Tema 4: Solusyon sa Paglutas sa Suliranin sa Pakikinig**

Ang paggamkt ng tamang pamamaraan sa pagtuturo ay may mahalagang papel sa pagpapabuti ang kakayahan ng bawat mag-aaral sa pakikinig. Batay sa pagsusuri, lumitaw ang apat na pangunahing solusyon pakikinig : (1) tahimik at masayang pakikisama, (2) pagbibigay ng pokus sa guro, (3) pag-aaral nang mabuti, (4) suporta mula sa pamilya at kaibigan, at (5) panalangin. Sa pamamagitan ng malinaw at epektibong paraan ng pagtuturo, nagiging mas madali para sa kabataang mag-aaral na intindihin ang mga aralin at mapanatili ang kanilang atensyon.

**Tahimik at Masayang Pakikisama**

Anim sa dalawampung mag-aaral na nagsasabing ang tahimik at masayang pakikisama ang isa sa mga pangunahing solusyon. Ang pagpili ng tamang kapaligiran ay isang kritikal na hakbang upang mapanatili ang pokus sa pakikinig. Ang isang tahimik at maayos na paligid ay nakatutulong upang maiwasan ang distraksiyon at mas maintindihan ang aralin.

*"Nalulutas ito sa pamamagitan ng tahimik na kapaligiran at masayang pakikisama."*
(Kalahok 1, line 132)

Ayon sa pag-aaral nina Nguyen at Tran (2021), ang tahimik at maayos na kapaligiran sa silid-aralan ay may positibong epekto sa kakayahan ng bawat mag-aaral na makinig at magpokus sa kanilang mga aralin. Samantala, ipinakita nina Santos at Villareal (2022) na ang masayang pakikisama sa loob ng klase ay nagtataguyod ng produktibong pagkatuto dahil ito ay lumilikha ng komportableng kapaligiran na nagpapababa ng antas ng stress at distraksyon.

**Pagbibigay ng Pokus sa Guro**

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 72-92

Ang pagtuon ng pansin sa mga sinasabi ng guro ay isa sa mga pinakaepektibong pamamaraan upang mapanatili ang kalidad ng pakikinig at maiwasan ang pagkawala ng atensiyon. Anim din sa dalawampung mag-aaral ang nagsasabi tungkol dito.

*"Malulutas ko ito sa pamamagitan ng pagtuon ng pansin sa mga salita ng guro."*
(Kalahok 9, line 170)

Ayon kay Smith (2020), ang pagbibigay ng pokus sa guro ay mahalagang estratehiya upang mapanatili ang kalidad ng pakikinig at maiwasan ang pagkawala ng atensiyon sa klase. Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Johnson at Lee (2021), na nagpakikita na ang aktibong pakikinig sa guro ay may direktang epekto sa akademikong performans ng kabataang mag-aaral. Dagdag pa rito, ipinahayag nina Brown at Miller (2022) na ang pagtuon ng pansin sa guro ay hindi lamang nagpabubuti sa kakayahang umunawa ng mga aralin kundi sa pagpapanatili rin ng impormasyon sa mahabang panahon. Ang mga natuklasang ito ay nagpahihiwatig ng kahalagahan ng paggabay ng kaguruan sa pagpahuhusay ng kasanayan sa pakikinig sa loob ng silid-aralan.

**Pag-aaral nang Mabuti**

Apat sa dalawampung mag-aaral na nagsasabing ang pag-aaral nang mabuti ang isa sa mga solusyon sa suliranin sa pakikinig. Bukod sa pakikinig sa klase, mahalaga rin para sa bawat mag-aaral na maglaan ng oras sa pag-aaral upang mapalalim ang pang-unawa nila sa mga aralin.

*"Sa pamamagitan ng paglalaan ng oras at pag-aaral nang mabuti."*
(Kalahok 15, line 137)

Ayon sa pag-aaral nina Chen at Liu (2021), ang regular na paglalaan ng oras sa pag-aaral ay nakatutulong sa pagpapalalim ng pang-unawa ng bawat mag-aaral sa kanilang mga aralin na nagpahuhusay din sa kanilang *listening comprehension* sa klase. Samantala, ipinakita nina Dela Cruz at Herrera (2022) na ang epektibong *study habits* ay may direktang epekto sa akademikong tagumpay dahil ito ay nagpalalakas sa bawat mag-aaral na iproseso at maalala ang mahahalagang impormasyon mula sa kanilang mga leksiyon.

**Suporta mula sa Pamilya at Kaibigan**

Malaking tulong din ang pagkakaroon ng suporta mula sa pamilya at mga kaibigan upang mapanatili ang motibasyon sa pakikinig at pagkatuto. Anim sa dalawampung mag-aaral na nagsasabing ang isa sa mga solusyon ay ang suporta mula sa pamilya at kaibigan.

*"Ginagawa ang nakakaya ko upang makinig sa tulong din ng pag-unawa ng aking pamilya at kaibigan."*
(Kalahok 18, line 156-157)

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 72-92

Ayon sa pag-aaral nina Tan at Lim (2021), ang emosyonal at akademikong suporta mula sa pamilya at kaibigan na mahalaga sa pagpapanatili ng motibasyon ng kabataang mag-aaral sa pakikinig at pagkatuto. Samantala, ipinakita nina Reyes at Bautista (2022) na ang positibong ugnayan sa mga mahal sa buhay ay nagtataguyod ng kumpiyansa at determinasyon ng mga estudyante, na nagreresulta sa mas mataas na antas ng atensyon at mas epektibong pagproseso ng impormasyon sa klase.

**Antas ng Kalidad ng Awdyo na Materyal**

Sinusuri ng bahaging ito ang antas ng kalidad ng awdyo na materyal batay sa iba't ibang pamantayan. Layunin nitong matukoy kung paano nakakatulong ang malinaw, epektibo, at makabuluhang tunog sa pagpapabuti ng kakayahan sa pakikinig.

Matutunghayan sa Talahanayan 5 ang pagtatasa ng kalidad ng awdyo na materyal batay sa mga pamantayan.

**Talahanayan 5. Antas ng Kalidad ng Awdyo na Materyal**

| Domeyn | Mean | SD | Deskriptibong Antas |
|---|---|---|---|
| Layunin | 4.75 | 0.42 | Napakabalido |
| Nilalaman | 4.70 | 0.40 | Napakabalido |
| Kalidad | 4.50 | 0.43 | Napakabalido |
| Aspektong Teknikal | 4.73 | 0.42 | Napakabalido |
| **Kabuoan** | **4.67** | **0.42** | **Napakabalido** |

Ipinapakita sa Talahanayan 5 ang *mean, standard deviation* (SD), at deskriptibong antas ng mga domeyn sa pagtatasa ng kalidad ng awdyo na materyal. Ang layunin ay may *mean* na 4.75 at SD na 0.42, habang ang nilalaman ay may *mean* na 4.70 at SD na 0.40, na parehong nasa antas na napakabalido. Ang kalidad ay may *mean* na 4.50 at SD na 0.43, samantalang ang aspektong teknikal ay may *mean* na 4.73 at SD na 0.42, na parehong napakabalido. Sa pangkalahatan, ang kabuoang *mean* ay 4.67, may SD na 0.42, na nangangahulugang ang awdyo na materyal ay napakabalido.

Ipinapakita ng datos na mataas ang kalidad ng awdyo na materyal sa lahat ng domeyn, na nangangahulugang epektibo ito sa layunin, nilalaman, kalidad, at aspektong teknikal. Ang mga resulta ay nagpahihiwatig na ang awdyo na materyal ay maaasahang gamit sa pagtuturo o sa iba pang pang-edukasyong layunin.

Ayon kina Smith at Thomas (2023), ang bisa ng awdyo sa pagkatuto ay nakasalalay sa malinaw na layunin at mataas na kalidad ng produksiyon, na sumusuporta sa mataas na rating ng awdyo na materyal sa aspetong layunin at kalidad. Dagdag pa rito, ipinakita nina Liu at Zhang (2021) na ang mataas na kalidad ng pagrekord at maayos na pag-edit ay mahalaga upang maiwasan ang mga hadlang sa pag-unawa, na umaayon sa positibong resulta ng pag-aaral sa aspektong teknikal.

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 2 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 72-92

Samantala, binigyang-diin naman ni Field (2021) na ang maayos na proseso ng pag-edit, tulad ng pagtanggal ng ingay at pagpapahusay ng tunog, ay mahalaga upang mapanatili ang epektibong paggamit ng awdyo sa edukasyon, na higit pang nagpapatibay sa nakuhang resulta ng pag-aaral na nagpapakita ng mataas na antas ng teknikal na kalidad ng awdyo na materyal.

**Antas ng Pagtanggap ng Awdyo na Materyal**

Ang pagtataya sa antas ng pagtanggap ng awdyo na materyal ay mahalaga upang matukoy kung ito ay epektibong nakatutugon sa pangangailangan ng kabataang mag-aaral. Sinuri nito kung paano tinanggap ng mga tagapakinig ang nilalaman, kalidad, at teknikal na aspeto ng materyal, na maaaring makaapekto sa kanilang interes at pag-unawa sa aralin.

Makikita sa Talahanayan 6 ang antas ng pagtanggap ng awdyo na materyal batay sa iba't ibang pamantayan. Sinusuri nito kung gaano kaepektibo at kapaki-pakinabang ang materyal ayon sa nilalaman, kalidad, at teknikal na aspeto, na makaaapekto sa pagkatuto at pakikinig ng kabataang mag-aaral.

**Talahanayan 6. Antas ng Pagtanggap ng Awdyo na Materyal**

| Domeyn | Mean | SD | Deskriptibong Antas |
|---|---|---|---|
| Layunin | 4.54 | 0.50 | Lubos na Tinanggap |
| Nilalaman | 4.40 | 0.55 | Tinanggap |
| Pormat | 4.55 | 0.51 | Lubos na Tinanggap |
| Presentasyon | 4.62 | 0.48 | Lubos na Tinnagp |
| **Kabuoan** | **4.53** | **0.51** | **Lubos na Tinanggap** |

Ipinapakita sa talahanayan ang *mean, standard deviation* (SD), at deskriptibong antas ng pagtanggap ng awdyo na materyal batay sa mga domeyn. Ang layunin ay may *mean* na 4.54 at SD na 0.50, ang pormat ay may *mean* na 4.55 at SD na 0.51, at ang presentasyon ay may *mean* na 4.62 at SD na 0.48, lahat ay nasa antas na lubos na tinanggap. Samantala, ang nilalaman ay may *mean* na 4.40 at SD na 0.55, na nasa antas na tinanggap. Sa pangkalahatan, ang kabuoang mean ay 4.53, may SD na 0.51, at nasa antas na lubos na tinanggap.

Ipinapakita ng datos na positibo ang pagtanggap sa awdyo na materyal, lalo na sa presentasyon, pormat, at layunin nito. Ang bahagyang mas mababang antas sa nilalaman ay maaaring magpahiwatig ng ilang aspekto na maaaring pagbutihin upang higit na mapaunlad ang kalidad ng materyal.

Ayon kay Mayer (2019), ang malinaw na presentasyon ng impormasyon sa mga awdyong materyal ay mahalaga sa pagpapabuti ng pagkatuto ng kabataang mag-aaral. Dagdag pa nina Clark at Lyons (2020), ang epektibong awdyo ay hindi lamang dapat nagbibigay ng impormasyon kundi nagpapalakas din ng motibasyon at kumpiyansa ng mga tagapakinig. Samantala, ayon kay Paivio

(2021), ang kakayahan ng isang awdyo na materyal na lumikha ng mental imagery ay nagpapabuti sa retention at komprehensiyon ng mga tagapakinig, na nagreresulta sa mas epektibong pagkatuto.

**Makabuluhang Ugnayan ng Demograpikong Profayl ng mga Mag-aaral sa Antas ng pagtanggap ng Awdyo na Materyal**

Sinusuri ng bahaging ito ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng demograpikong profayl ng kabataang mag-aaral at ang kanilang antas ng pagtanggap sa awdyo na materyal. Layunin nitong matukoy kung may kinalaman ang mga salik tulad ng etnisidad, at kagamitan sa pakikinig sa bahay, at mga gawi sa pakikinig sa aspeto sa kanilang pananaw at pagtanggap sa mga ginamit na materyal sa pakikinig.

Makikita sa Talahanayan 7 sa ibaba ang ugnayan ng demograpikong profayl ng kabataang mag-aaral sa antas ng pagtanggap ng awdyo na materyal.

**Talahanayan 7. Makabuluhang Ugnayan ng Demograpikong Propayl ng mga Mag-aaral sa Antas ng pagtanggap ng Awdyo na Materyal**

| Domeyn | Mean | SD | T-cal | P-Value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Demograpikong Propayl | **3.02** | **1.23** | **5.0715** | **0.0001** | May Makabuluhang Ugnayan |
| Antas ng Pagtanggap | **4.53** | **0.51** | | | |

*α=0.05 level of significance*

Ipinapakita sa Talahanayan 7 ang ugnayan sa pagitan ng demograpikong propayl ng mga mag-aaral at antas ng pagtanggap ng awdyo na materyal. Ang demograpikong propayl ay may *mean* na 3.02 at SD na 1.23, habang ang antas ng pagtanggap ay may *mean* na 4.53 at SD na 0.51. Ang nakuhang *t-cal* ay 5.0715, at ang *P-value* ay 0.0001, na mas mababa sa α = 0.05 na antas ng kahalagahan, kaya ang resulta ay may makabuluhang ugnayan.

Ipinapakita ng datos na may tiyak na kaugnayan ang demograpikong propayl ng bawat kabataang mag-aaral sa kanilang pagtanggap sa awdyo na materyal. Ipinahihiwatig nito na ang mga salik tulad ng etnisidad, kagamitan sa tahanan sa pakikinig, at gawi sa pakikinig ay maaaring makaapekto sa paraan ng pagtanggap sa naturang materyal.

Ayon kay Mayer (2019), ang pagtanggap ng mag-aaral sa *audio-based* na materyal ay maaaring maimpluwensyahan ng kaniyang personal na karanasan at antas ng kasanayan sa paggamit ng teknolohiya. Sinusuportahan din ito ng pag-aaral nina Liu at Zhang (2021), na nagsasaad na ang pagiging pamilyar ng isang indibidwal sa *digital learning resources* ay may kaugnayan sa kaniyang

antas ng pakikibagay sa mga *audio-based* na materyal. Dagdag pa rito, binigyan ng diin nina Smith at Thomas (2023) na ang epektibong paggamit ng awdyo na materyal sa edukasyon ay nakasalalay hindi lamang sa kalidad ng tunog pati na rin sa kakayahan ng bawat mag-aaral na iproseso ang impormasyong kanilang naririnig.

## Konklusyon

Ang mga katangian ng demograpikong profile ng kabataang mag-aaral ay nagpakikita ng kanilang pagkakaiba-iba sa etnisidad, kagamitan sa tahanan, at gawi sa pakikinig, na maaaring makaapekto sa kanilang karanasan sa paggamit ng awdyo na materyal. Ang pagkakaroon ng iba-ibang kagamitan sa tahanan at gawi sa pakikinig ay maaaring magbigay ng implikasyon sa kanilang kakayahang matanggap at magamit nang epektibo ang nasabing materyal.

Natukoy rin sa pag-aaral ang mga salik na nakaiimpluwensiya sa gawaing pakikinig ng kabtaang mag-aaral. Kabilang dito ang panlabas na salik tulad ng ingay sa kapaligiran at paggamit ng teknolohiya, gayundin ang panloob na salik gaya ng emosyonal na estado at estratehiya ng guro sa pagtuturo. Nararapat na bigyan ng pansin ang mga salik na ito upang mapabuti ang kapaligiran sa pagkatuto, kabilang ang pagpapatupad ng mas epektibong pamamaraansa pagtuturo ng pakikinig at pagbawas sa mga distraksyong maaaring makasagabal sa pag-unawa ng mga mag-aaral.

Sa pagsusuri ng kalidad ng awdyong materyal, lumabas na ito ay may mataas na antas ng bisa batay sa layunin, nilalaman, kalidad, at aspektong teknikal. Nangangahulugan ito na epektibo itong nagagamit bilang pantulong sa pakikinig. Gayunpaman, maaaring isaalang-alang ang mas pinahusay na paglikha ng nilalaman upang higit pang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral.

Natukoy rin na ang antas ng pagtanggap ng awdyong materyal ay positibo, na nangangahulugang ito ay nakakatulong sa pagpapabuti ng karanasan sa pakikinig ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito na may potensyal itong maging bahagi ng mga alternatibong estratehiya sa pagtuturo, subalit maaaring pag-ibayuhin pa ang aspeto ng nilalaman upang lalo pang mapaunlad ang paggamit nito sa edukasyon.

Sa pagsusuri ng ugnayan sa pagitan ng demograpikong propayl ng mga mag-aaral at antas ng pagtanggap ng awdyong materyal, natukoy na may makabuluhang kaugnayan ang ilang salik. Ipinapakita nito na ang personal na kalagayan ng kabataang mag-aaral, kabilang ang kanilang etnisidad, kagamitan sa tahanan, at gawi sa pakikinig, ay may epekto sa kanilang pagtanggap sa awdyong materyal. Batay dito, ipagpapatuloy patuloy na pagpapaunlad ng ganitong uri ng materyal upang mas aitugon ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral.

## Mga Sanggunin

Antonio, A. (2021). Syntactical Scrutiny: Inaccuracies in the Lesson Planning of Non- Language Pre Service Teachers. International Journal of Arts, Sciences and Education,

Ashcroft, B., Griffiths, G., at Tiffin, H. (2018). *Post-colonial studies: The key concepts* (3rd ed.). Routledge.

Balog, P., & Gonzales, E. (2021). From Linguistic Landscapes to Teaching Resources: A Case of Some Rural Areas in the Province of Quezon. International Journal of Arts, Sciences and Education, 1(2), 23–44.

Banares, A. J. (2022). Reinterpreting Sonnet 18 by William Shakespeare through Stylistic Analysis. International Journal of Arts, Sciences and Education, 3(July Special Issue), 189–204. https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/163.

Beard, C. (2021). *Experiential learning: A practical guide for training, coaching and education* (3rd ed.). Kogan Page.

Belarga, B., Guiquing-Clemente, B., Tulawie, A., Alih, C., Caban, R., & Manois, F. R. (2025). From Page to Praxis: The Role of Regional Literature in Shaping Culturally Grounded Teaching Methods in HEIs. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 356–371. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.206

Bruner, J. (2020). *The process of education and dramatic storytelling*. Harvard University Press.

Butac, S., Manera, A., Gonzales, E., Paller, R., Eustaquio, M. T., & Tandoc, J. J. (2025). Forging Global Citizens: A Comparative Study of Intercultural Pedagogical Practices of Higher Educational Institutions in the Philippines. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 62–79. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.171

Caliboso, J., Bagalay, B., Santiago, M. grace, Bayan, R., Aguinaldo, I., & Belo, J. (2025). Literary Texts as Cultural Tools: A Study on Contextualized Learning Strategies in Philippine Higher Education. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 340–355. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.205

De la Cruz, M. (2020). *Ang ritwal at kulturang filipino: isang pag-aaral*. Manila: University Press.

Dela Cruz, L., Aguinaldo, I., Alzate, L. J., Camero, C., Abiado, K. R., & Gumpal, B. (2025). Fostering Intercultural Competence through Culturally Responsive Pedagogy: Practices and Perspectives in Philippine Higher Education Institutions. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 36–50. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.187

Dela Cruz, L., Manera, A., Ramirez, E., Macato, D., Catbagan, R. J. I., & Tulawie, A. (2025). Bridging Cultures in the Classroom: Analyzing Pedagogical Approaches that Promote Intercultural Competence in Multicultural Higher Education Settings. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 242–261. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.202

Dewey, J. (2020). *Experience and education in dramatic learning*. Columbia University Press.

Durkheim, É. (2021). *The role of rituals in social cohesion*. Princeton University Press.

Eustaquio, M. T., Clemente, R., Joaquin, M., Manaois, F. R., Alih, C., & Tulawie, A. (2025). Reimagining Pedagogy through Cultural Narratives: Integrating Philippine Literature in Higher Education Classrooms. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 262–277. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.203

Ferranco, M. (2025). Emotional Intelligence and Culturally Grounded Leadership: A Study of Small Business Owners in San Pedro, Laguna, Philippines. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 191–202. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.197

Flores, C. (2019). *Mga* ritwal ng mga katutubo: dokumentasyon at pananaliksik. *Philippine Social Science Review*, 71(4), 123-139.

Gadaza, A., Manera, A., Caban, R., Alih, C., Tulawie, A., & Picpican, H. (2025). Cultural Identity and Historical Consciousness: A Study of Philippine History Instruction in Tertiary Education. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 19–35. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.135

Gadaza, A., Manera, A., Santos, S., Alih, C., & Caban, R. (2025). Reviving the Past, Teaching the Future: The Role of Philippine Cultural Heritage in Curriculum Development of Teacher Education Programs Focus. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 80–97. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.169

Gonzales, R., & Lim, D. (2021). Indigenous agricultural rituals and spiritual beliefs: A study on Blaan farming traditions. *Journal of Southeast Asian Anthropology*, *25*(3), 112–130.

Hall, S. (1997). *Representation: Cultural Representations and Signifying Practices*. Sage Publications.

Harrison, J. (2020). *Rituals and Performance in Contemporary Theater*. Oxford University Press.

Hassan, A., & Rahim, M. (2021). The Role of trial by ordeal in traditional justice systems: An analysis of indigenous communities' practices. *Journal of Indigenous Legal Systems*, 18(2), 134-148.

Johnson, L. (2021). Effective literary analysis: The role of treader and audience reception. *Journal of Literary Studies*, 29(1), 45-56.

Johnson, R. B., Onwuegbuzie, A. J., & Turner, L. A. (2020). Toward a definition of mixed methods research. *Journal of Mixed Methods Research*, 4(2), 112-130.

Jones, A., & Patel, R. (2020). Traditional rituals in the age of technology and globalization. *Journal of Cultural Studies,* 45(3), 134-150.

Liberman, Z., Kinzler, K. D., at Woodward, A. L. (2018). The early social significance of rituals. *Journal of Cognition and Development*, 19(2), 1-17.

Manera, A., Dalaten, M. A., Matammu, C., Catungal, M., Prestoza, M. J., & Ligutan-Siplac, G. (2025). Narratives of Nationhood: Culturally Attuned Pedagogies for Filipino Literature in a Multilingual Educational Landscape. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 296–312. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.158

Martinez, J., & Lee, S. (2022). Analyzing the impact of audience interaction on the effectiveness of plays. *Theatre and Performance Studies Review*, 15(3), 112-124.

Mayer, R. E. (2020). *Multimedia learning* (3rd ed.). Cambridge University Press.

Mendoza, L. (2022). Challenges in documenting traditional practices: Impacts on youth and research. *Philippine Journal of Cultural Heritage*, 18(1), 45-59.

Mitchell, R., at Roberts, S. (2020). *Symbolism in ritual and its impact on audience experience*. Cambridge University Press.

Navarro, J., & de Guzman, R. (2021). Blood compact rituals and peace agreements among indigenous communities: An ethnographic study. *Journal of Indigenous Traditions*, *26*(3), 145–162.

Navasca, R., Abaquita-Espiritu, J., Calaranan, M., Navasca, M., Tugelida, N. B., & Tamayo, S. (2025). Culturally Rooted Pedagogies in Technical-Vocational Education: Teaching Practices and Cultural Integration among TVL-TLE Instructors and Professors in Philippine Higher Education. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 372–387. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.207

Patton, M. Q., & Ravitch, S. M. (2023). *Qualitative Research and Methods: Understanding Participant Perspectives and Insights*. Sage Publications.

Perez, A. (2020). Exploring indigenous rituals in community cohesion: a study on traditional practices in agrarian societies. *Journal of Cultural Heritage and Community Studies*, 12(3), 45-60.

Pritchard, E. E., & Fortes, M. (2019). *African and southeast asian tribal justice systems*. Cambridge University Press.

Ramirez, M., & Lopez, C. (2022). Sacred bonds: The role of blood rituals in conflict resolution among tribal societies. *Philippine Journal of Cultural Anthropology*, *20*(2), 87–103.

Santos, M. (2021). Blood compact rituals in palawan and mindanao: Traditions of loyalty and love. *Southern Philippines Journal of Anthropology*, 10(4), 143-159.

Santos, M., at Rivera, J. (2021). *Cultural rituals and justice in the Cordillera: Traditions of the Philippine indigenous communities*. Baguio: Cordillera Studies Press.

Schechner, R. (2003). *Performance Theory* (2nd ed.). Routledge.

Smith, J. (2019). *Rituals in the modern world: a global perspective*. New York: Global Publishing House.

Smith, J., & Brown, R. (2021). *Modernization and the decline of traditional rituals*. Oxford University Press.

Society for Ritual Arts. (2020). Exploring the Innovative Structures of Drama Based on Ritual: Gaps in Current Research. *Journal of Cultural Rituals and Performance*, 12(3), 134-150.Anderson (2021)

Sweller, J. (2020). *Cognitive load theory and educational technology*. In S. J. Tobias & D. Duffy (Eds.), *Constructivist instruction: Success or failure?* (2nd ed., pp. 73–91). Routledge.

Torres, L. (2018). Paglimot sa ritwal: mga hamon ng modernisasyon. *Journal of Cultural Studies*, 25(3), 45-58.

Torres, M., & Delgado, P. (2022). The role of rituals in indigenous farming practices: Cultural sustainability among ethnic communities. *Philippine Journal of Ethnographic Studies*, *19*(2), 89–105.

Williams, S. P. (2021). Effective R&D design and its contribution to industry and community development. *Journal of Research and Development*, 35(4), 210-225.